COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-12 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

KAILANGAN NG MGA SITE MANAGER SA MGA IN-PERSON NA LOKASYON NG PAGBOTO

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ng mga pansamantalang site manager upang patakbuhin ang isang itinalagang in-person na lokasyon ng pagboto para sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California. Ang mga site manager ay kumikita ng $20 kada oras at magtatrabaho ng halos 125 oras sa panahon ng limang-linggo.

Para sa darating na eleksyon, ang mga in-person na lokasyon ng pagboto ay magbubukas ng apat na araw sa halip na isa. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay kukuha ng mga manggagawa sa eleksyon para i-hire kaysa gumamit ng mga volunteer na manggagawa sa botohan dahil ang pagsasanay ay mas malawak para sa pinahabang panahon.

Ang mga site manager ay ire-require na sanayin at pamunuan ang mga manggagawa sa eleksyon habang nire-represent ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, walang partidong pamamaraan. Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga taong team player, nagpapakita ng kasanayan sa matatag na pamumuno at flexibility, pasensya, at pinakamataas na antas ng integridad sa lahat ng oras.

Ang mga site manager ay magtatrabaho hanggang tatlong araw kada linggo sa panahon ng mga linggo bago ang eleksyon, dumalo sa pagsasanay upang alamin ang mga pamamaraan, mga gawain, at mga responsibilidad, at sanayin ang kanilang mga manggagawa sa eleksyon.

- Ang mga site manager ay dapat maaaring magtrabaho mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa itinalagang mga araw ng trabaho ngunit maaaring i-require na magtrabaho higit sa walong oras sa isang araw at magtatrabaho ng ilang weekend.

- Sa Araw ng Eleksyon, Ika-14 ng Setyembre, ang mga site manager ay dapat magtrabaho mula ika-5:30 ng umaga hanggang ika-10 ng gabi.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagtatrabaho kasama ang Public Health Services upang siguraduhin ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa eleksyon at mga botante. Bibigyan ng inirekomendang personal protective equipment at mga sanitation supply ang mga manggagawa upang ligtas nilang mapangasiwaan ang proseso ng eleksyon.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-12 ng Hulyo, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang mga English speaker na bilingguwal sa Chinese, Filipino, Spanish o Vietnamese ay kinakailangan din. Kung kayo ay fluent sa isa sa mga wikang ito, siguraduhing ilagay ito sa inyong aplikasyon.

Ang mga aplikasyon para sa site manager ay makukuha online. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o email ang pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTYNEWSCENTER